# Add to Cart at Iba Pang Tula
# (Tula Para sa Bata)

## Add to Cart

Oo, Anak, pwede mong i-click ‘yang nasa screen,
mga gusto mong orderin,
helicopter at Transformers,
light saber at Power Rangers.
I-add to cart mo lang lahat
mga laruang hinahangad.

Sige, Anak, i-swipe up,i- swipe down
i-swipe sa kaliwa, i-swipe sa kanan,
baka meron ka pang nakakalimutan.
I-add to cart mo lang lahat
mga laruang hinahangad.

Remote control na kotse, laser sword, dinosaur, Lego
action figure ng iniidolo mong superhero.
Mga ibig mo, mga nais mo.
Dahil libre lang mangarap.
I-add to cart mo lang lahat
mga laruang hinahangad.

Ipagdiwang ang pagkukunwari
wag kaawaaan ang sarili.
Sa halip ay ipagmalaki
na kaya nating makamit
kahit man lang sa isip.
I-add to cart mo lang lahat
mga laruang hinahangad.

Kaya pwede kang mag-add to cart,
add to cart, add to cart.
Basta’t di tayo magtse-check out.
Dahil sa tulad nating sa buhay ay salat,
unang isinusuko ang libangan
kapag kumakalam ang tiyan.

## Baon

Apat na pirasong pandesal
sobra natin kaninang almusal,
pinalamanan ng payat na keso
malamig na tubig sa thermos
saka bente pesos
ang baon mo, Anak!
Sakaling may bibilhin ka pa sa canteen
may madudukot ka pa rin.
Puwede mo pang bigyan
ng isa o dalawang piraso
ang kaeskwela mong walang dalang pagkain.

Hatid-sundo ka naman ng iyong Nanay
at makakapananghalian sa bahay,
dahil half day lang ang pasok mo sa eskwela
baka may maiuuwi ka pang barya.

Kaunting tiyaga at pasensya
kung pilit nating pinagkakasya
at mapaabot pa sana
ang naghihingalo nating pera
hanggang sa susunod na sahod
ng mga magulang mong kumakayod.

Ang mahalaga, di ka uma-absent
ang mahalaga, lagi kang present.
Ang mahalaga, makaipon ng karunungan
ang mahalaga, lumawak ang karanasan.

Sa murang gulang dapat sanang matutunan
sabay na nilalagyan ng laman
ang puso, utak at tiyan.

Brown out

Paypay, paypay, paypay
pantaboy ng lamok.
Paypay, paypay, paypay
para ka makatulog.

Di ka pa inaantok?
Sa maghapong laro,
di ka ba napagod?

Sabagay pag-uwi mo,
andami-dami mong kuwento:
patintero, tumbang preso,
luksong lubid, luksong tinik,
bahay-bahayan, titser-titseran,
kaylan mo nga ba ito huling naranasan?

Kasabay mong umuwi
ang pawis, libag at usok
pasalubong mo'y ngiti
kahit may galos sa tuhod.

Ilang araw na kasi tayong walang kuryente
pinadapa ng bagyo ang maraming poste.
Isang linggong walang klase,
Kaya napilitan kang maglaro sa kalye.

Sa tv, di ka na kasi makababad
di rin makasagap
sa wi-fi ng kapitbahay.
Walang internet.
Batt empty na rin ang second hand mong gadget.

Bakit nga ba laging maalinsagan
Ilang araw matapos ang buhos ng ulan?

Kaya heto si Tatay,

paypay, paypay, paypay
pantaboy ng lamok.
Paypay, paypay, paypay
para ka makatulog.

Di man tayo magkayakap ngayong gabi
Basta lagi tayong magkatabi.

Anak, Lunes bukas
pahiram muna ng dagdag na lakas
wala ka pa naman pasok sa eskwela.
Si Tatay, di pwedeng umabsent sa pabrika.
Lulusong sa bahang hanggang dibdib
sasabit sa jeep,
sa bus, nanakaw ng idlip.

Pero kung marami ka pang ipagyayabang
sa pakikipagsapalaran mo sa lansangan
handa akong magpuyat
at magpaypay
makinig nang may pananabik.
Dahil dapat nating sinusulit
ang mga ganitong sandali, di winawaglit,
kung paano nating nagagawang malampasan
ang mga bagyong nagdaan.

## Bully

Tahan na, anak ko! Tahan na!
Lalagyan ko ng Betadine ang iyong braso
tatapalan ng band-aid
hahalikan pa para mawala na ang sakit.

Sa kuwento mo, itinulak ka ng iyong kaeskwela
kaya ka nagasgasan at nasaktan.
Dinalaw ka ng galit at lungkot
nasa isang sulok ka’t nagmumukmok.

Sa kuwento mo, sa klase nyo, sya ang bully
dahil sya ang pinakamalaki.
Inaasar lagi ang iba mo pang kaklase.
Kung anu-ano ang sinasabi
nang-aasar, nanunukso
nakakasakit ang panloloko.

Sa kuwento mo, kay Teacher kayo nagsumbong
pinagsabihan sya’t pinaalalahanan ni Ma’am,
pero pag wala na ang guro nyo sa classroom
balik na naman sya sa nakaugalian.

Sa kuwento mo, ikaw ang pinakahuling biktima.
At gusto mo, ikaw na ang maging huling biktima.

Kaya, Anak, ang tanong ko, ano ang gagawin mo
at ng mga katulad mo sa nag-iisang mapang-abuso?
Paano magagapi,
ang nag-iisang bully
ng maraming inaapi?

Dengue

‘Wag sumuot sa sulok-sulok
lalo’t maiksi ang iyong soot.
Pilyo ang lamok
sa tulad mong malikot.

Hindi ako sa gastos natatakot
kahit ginto ang gamot
o humaba man ng reseta
gaya ng ating kurtina.
Kapag nagkagipitan
may mga mauutangan,
marami namang malalapitan.

Mas dapat akong mag-alala
sa panganib na dala
ng salot na dengue
sa gaya mo, aking Baby.

Kasi, sa bawat turok at tusok
ng swero, injection o gamot
sa iyong balat, laman o ugat,
parang libong fishball stick
sa dibdib ko’y sumasaksak.

Kaya, please, Anak,
hindi masamang mag-ingat
sa panahong nangangamba ang lahat
sa sakit na sumusukat
sa lalim ng bulsa
at sa babaw ng kaba.

Disaster

Wag mag-alala,
atin ding mapag-aabot-abot
laman nitong relief goods:
tig-isang lata ng meatloaf
sardinas, tuna at karne norte.
Limang sachet ng 3-in-1 na kape,
tigdalawang instant at cup noodles.
tatlong kilong bigas
(di durog at walang bukbok).

Di ka mauuta o magsasawa
mahal kong anak
dahil sa internet
meron akong nahanap
kung paano mapapasarap
itong ating natanggap.

Teka, Anak,
wag itapon ang plastic na lalagyan
na may pangalan ni Congressman
asawa nyang mayor
anak na gobernador.

May silbi ang supot
sa tulad nating hikahos.
Dyan natin ilalagay,
ang mga basurang di nabubulok.

## Gadget

Oo, Anak! May limit ang gamit sa gadget.
Hanggang dalawang oras lang dapat
sa isang araw ang pagbababad
para may panahon ka pa sa ibang mga bagay
gaya ng maglaro sa labas ng bahay
kasama ang ibang mga bata.

Marananasan ang patintero
lutu-lutuan, luksong baka, trumpo
taguan, agawan-base, at syato.
Maranasan ang makipagbuno
makipagsigawan, makipagtalo
matalo at manalo
masugatan ang siko at puso.
Patatagin ang isip at dibdib.
Malaman kung kailan magsasalita o mananahimik.
Matutunang magpasensya at umunawa
tumawa at lumuha
lumaban at magpaubaya
umiwas at makisama
makilungkot at makisaya.

Kaya, Anak, may limit ang gamit sa gadget.
Hanggang dalawang oras lang dapat
sapagkat
hindi lahat napupulot ang sagot
sa pagdudutdot o pagpipindot-pindot.

Tama, Anak, may limit ang gamit sa gadget
Para mabatid
ang pinagkaiba
ng birtwal at tunay na daigdig.

Hugas-Kamay

Kuskos,kuskos,kuskos
pabulain ang sabong mabuti
sabi sa tv.
Dapat dalawampung segundo
Para mapatay ang mikrobyo.

Kuskos,kuskos,kuskos
Isa-isahin ang mga daliri
at sa pagitan ng mga ito
para luminis at bumango.

At sa bawat isusubong pagkain
iyong alalahanin,
ang mga ito'y nagmula
o inihanda
ng mga kamay na kapwa natin dukha
na nasugatan, nagkakalyo
sa marangal na paggawa.

Oo, Anak, sisikapin nating maging malinis sa buhay
kahit ngayong kayraming naghuhugas-kamay.

Kandong

Kakandungin kita, Anak
kahit puwede naman kitang ibayad.
Umusod tayo nang kaunti
nang agad makauwi,
magprisintang mag-abot ng pamasahe at sukli.

Kakandungin kita, Anak
kahit puwede naman kitang ibayad.
Para mayroon pang ibang makaupo
kaya kahit di sila makisuyo
tayo na ang magkukusa
tayo na ang magpaparaya.

Kakandungin kita, Anak
kahit puwede naman kitang ibayad.
Dahil pare-parehas tayong pasahero
patungo saan mang dako.

Kakandungin kita, Anak
Kahit puwede naman kitang ibayad.
Para tulad natin ang iba ri'y makapagpahinga
kahit pansamantala
dahil sa pagbaba'y hindi natin masabi
kung garahe na sa bahay o may iba pang byahe.

Kakandungin kita, Anak
kahit puwede naman kitang ibayad.
Para lang magkasya ang maaaring makisiksik
dito sa pampasaherong jeep.
Dahil sabay-sabay ang ating paglalakbay
iba-iba man ang patutunguhan ng buhay.

Kulay

Pasensya na, Anak
kung walong kulay lang ng Crayola
Ang dala mo sa eskwela.

Tama ka, Anak,
mayroon ngang tiglabing anim,
tigtatlumpu't dalawa
hanggang animnapu't apat pa nga
na makikitang dala ng iyong mga kaeskwela.

Sige na, Anak
pagtiyagaan mo muna
ang nakayanan ng ating bulsa.

Oo, Anak
makasasapat din ang walong pangkulay,
hindi man bagay
ang ibang kulay
sa maraming bagay,
mata'y masasanay
sa tingkad na ibinigay
sa ating daigdig
ng tulad mong pinakamamahal na paslit.

**Pangalan**

Oo, Bunso, sya nga ang iyong kalaro
at kanyang tatay
na hindi mo nakakalimutan
dahil magkatulad sila ng pangalan.

Hindi sila politiko
hindi rin artista
pero laman sila ngayon ng balita--
silang dating napatira
sa ating eskenita.

Oo, Anak, natatandaan ko
nang minsan makinood sya ng anime
sa atin
kasi
pinutulan kamo sila ng kuryente.

At pagkaraan ng ilang linggo
sa kuwento mo at ng ilang tagarito
biglang naging okay
ang kanilang bahay.
Nagka-ref at microwave
sinlaki kamo ng sine ang kanilang tv
nakakabingi ang karaoke.
Naglaro kayo ng PlayStation
habang nag-e-enjoy sa lamig ng aircon.

Di ko rin nakakalimutan
nang magtampo ka
kasi pinagbawalan kita
na pumunta sa kanila.
Kasi ikaw na rin ang nagsabi
na parami nang parami
ang kanilang bisita.
Karamiha'y di mo kamo nakikilala.

Naawa ka sa kanya
dahil iniiwasan na sya
ng kapwa mo bata,
maging ng kanyang kaeskwela.

Sabi mo pa, madalas mo na syang makita
naglalarong mag-isa
kahit puro bago ang kanyang laruan.

Oo, Anak, ilang buwan na ang lumipas
nang bigla silang lumipat
dahil dumadalas ang pagdalaw
sa kanila ng mga pulis.

At ngayon
sa telebisyon muli natin silang nakita
magkatabi ang ataol nilang mag-ama
parang walang nakikiramay
sa huling gabi ng lamay.

Maraming tanong
kung paanong humantong
silang mag-ama sa kabaong.

Hindi sila politiko
hindi rin artista
pero laman sila ngayon ng balita--
silang dating napatira
dito sa ating eskenita.

Paminsan-minsan
muli silang mapag-uusapan.
Pagtagal-tagal
makakalimutan ang kanilang mga pangalan
pero hindi ang kuwento ng kanilang pinagmulan
hanggang sa kanilang kinahantungan.

Dahil maraming kuwento ang katulad ng sa kanila.
Dahil maraming tutulad sa kanila.
Dahil maraming magkukuwento sa mga tulad nila.
Kahit hindi na matandaan
ang kanilang mga pangalan.

**Tuli**

Sige, Bunso
uuwi na tayo.
Walang makakaalam ng ating sikreto
“wala ang duktor” ang aking isasagot
kung may magtatanong sakali
ba’t di natuloy ang iyong pagpapatuli.

Babalik tayo kung kelan mo gusto.
Babalik tayo kung kelan mo gusto.

Sakaling tuksuhin ka ng mga kalaro
tawaging ‘supot, duwag
takot sa dugo…’
hayaan lang ang pang-aalaska
bukas-makalawa
hindi lang sila
kundi pati ikaw, masusupresa.
Lalabas tayo dito sa klinika
maglalakad kang iika-ika
nagpapalitan ang ngiti at ngiwi
magiging proud sa sarili.

Kaya,
sige, Bunso,
uuwi na tayo.
Walang makakaalam ng ating sikreto.

Babalik tayo kung kelan mo gusto.
Babalik tayo kung kelan mo gusto.

Malalaman mo rin sa iyong paglaki
na ang katapangan
hindi nasusukat
sa sugat sa kapirasong balat.

## Tunganga

Ba’t kay sarap mong patulugin
kapag ika’y gising?
At kapag nahihimbing
gusto naman kitang gisingin.

Sa iyong likot at kulit
sa dami ng tanong at sumbong
sa buong maghapon,
naiinip akong yakapin ka ng pagod
o antok
at makakatulog sa isang sulok
ng ating bahay.

At kapag ika’y nakahiga
doon ako matutulala
o kung minsan namamangha.
Kasi, habang ika’y nakatunganga
parang may tinatanaw
o inaaninaw
pero wala naman pala.

Ibig kong makapasok sa iyong isip
nang makita ko sana ang iyong nakikita.
Pero iyon nga, baka wala naman talaga.

Kayat ika’y pagmamasdan na lang
kung paano tinitignan
ng inosente mong mga mata
ang kawalan.

Baka doon ko rin mahanap ang kasagutan
sa napakarami kong katanungan.

## Ulam

Mainit ang sabaw,
ingat sa paghigop.
Mainit ang kanin,
ingat sa paglunok.
Itong tanghalian natin,
hanggang hapunan paabutin.
Kayat tayo nang magsalo
sa nilagang buto-buto.

Huwag muna maghanap, Anak
na ka-partner na isda
baboy o manok na prito.
Buti sana kung bagong sweldo,
kaso lumipas na ang isang linggo
kaya goodbye muna sa kapritso.

Alam mo kapag tayo'y walang wala.
Di ba nga
sa kaunting budget napagkakasya
basta't may maihain sa mesa?
Sa tuyo at instant noodles
kamatis at chicharon
kangkong at bagoong
mairaraos ang maghapon.

Kaya, Anak,
ingat sa paghigop,
ingat sa paglunok.
Paulit-ulit ang paalala,
paulit-ulit ang pag-aalala.

Paglaki mo't magkapamilya
maiintindihan mo rin
na hindi lang busog at sarap
ang dapat malasap, Anak.
Kundi matutong makisama
sa kapal at nipis ng ating pitaka
ang sikmura,
lalamunan at dila.

Umaaraw-Umuulan

“Umaaraw-umuulan!
May kinakasal po bang tikbalang?”

Hindi kita masagot, Anak, dahil hindi ko rin alam.

Hindi lang ang mga tulad mo ang nagtataka
natataranta
kundi kami ring mga nakatatanda
nalilito, namamangha
na nasanay sa hudyat,
babala at tanda sa kapaligiran.

Hindi kumulimlim
walang malakas na hangin
walang nagulat
pagkat
walang kulog at kidlat.
Ni hindi nga umambon.
Walang pasabi ang PAGASA.
Ganito na ba talaga ang panahon
na dati rati’y kahit sa ulap
pwede nang mabasa?

Sige, Anak, pwede kang maligo sa ulan
Damhin ang sabay na hatid na init at lamig.

Tignan ang iyong anino
kung nababasa ba ito.
Tignan ang mga halaman
kung kailangan pa ba silang diligan.
Tignan ang kanal
kung nagbago na ba ang kulay.
Tignan ang lansangan
kung paano muling nagkabuhay.

Bilis, Anak!
Baka ula’y matapos agad.
Dapat maging maagap

sa paghahanap
ng kapirasong galak.

Sakaling sipunin
hindi kita sisisihin.
Maglaro at magtampisaw,
sumayaw at himiyaw.
Pagkat minsan lang mangyari
ang makita ko ang iyong ngiti
sa pagitan ng mga patak at sinag.

Kunwari'y di ako nangangamba
sa nagbabagong klima.
Dapat ba akong mabahala
sa dadatnang daigdig sa iyong pagtanda?